# Pagkakaroon ng Pag-asa kay Jesucristo

Para matulungan kang pag-isipan kung paano nakakaapekto sa ating buhay sa iba't ibang sitwasyon ang pagkakaroon ng pag-asa dahil kay Cristo, pumili ng isa sa mga sumusunod na sitwasyon (o mag-isip ng sarili mong sitwasyon):

Bumalik si James sa masasamang gawi na inakala niyang tinalikdan na niya.

Tumigil sa pagsisimba ang ama ni Becca at sinabi nito na hindi na siya naniniwala sa Diyos.

Nahihirapan si Analise na gawin ang lahat ng kanyang obligasyon sa paaralan, trabaho, at tahanan.

Tapusin ang dalawang pariralang ito, at ilahad kung paano maaaring tingnan ng indibiduwal ang kanyang sitwasyon sa ibang paraan:

- Nang walang pag-asa kay Jesucristo, ____________________

  ____________________

- Nang may pag-asa kay Jesucristo, ____________________

  ____________________

Talakayin ang mga sumusunod na tanong:

- Paano maaaring sumampalataya ang taong ito kay Jesucristo? Tingnan kung makakahanap ka ng banal na kasulatan na isasama sa iyong sagot.
- Paano makatutulong ang pagsampalataya sa ganitong paraan para magkaroon ang taong ito ng higit na pag-asa sa pamamagitan ni Jesucristo?
- Ano kaya ang sasabihin mo sa taong ito kung tatanungin ka niya kung bakit ka umaasa kay Jesucristo? (Tingnan sa 1 Pedro 3:15.)

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2023 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD60013873_893_502-teacher_handout-1